

## Old Testament History

### Homework

#### Genesis

1. Ano ang mandatong ibinigay ng Diyos sa tao?
2. Bakit mas tinanggap ng Diyos ang handog ni Abel?
3. Kaninong panahon natutong tumawag muli sa Diyos ang tao?
4. Basahin ang Genesis 6:5-12. Bakit sinabing si Noah ay matuwid na tao?
5. Naaayon ba sa kalooban ng Diyos ang mga plano ng tao nang makarating sila sa Shinar? Ipaliwanag ang sagot.
6. Sino si Abram? At ano ang pangako ng Diyos kay Abram?
7. Ano ang sumubok sa pananampalataya ni Abraham?
8. Basahin ang Genesis 20 at Genesis 26. Ano ang pangyayari sa buhay nina Abraham at Isaac na magkatulad na magkatulad?
9. Sino ang mga anak ni Isaac at Rebecca?
10. Ano ang nagawang kasalanan ni Jacob sa kanyang kapatid na si Esau?
11. Bakit pinangalanang Israel si Jacob?
12. Sino si Joseph? Ano-anong mga gawain ang ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos?

#### Exodus

13. Basahin ang Exodus 2:1-8. Ibuod kung paano napunta si Moses sa pangangalaga ng prinsesa ng Egypt?
14. Bakit nag-alinlangan si Moses na sumunod sa Diyos? At ano ang palatandaang ipinakita sa kanya?
15. Basahin ang Exodus 7:14-25 – 11. Ano-ano ang mga salot na ipinadala ng Panginoon sa Egypt?
16. Basahin ang Exodus 20:1-17. Ano ang sampung utos na ibinigay ng Diyos kay Moses? Isaulo ang mga ito.
  - Huwag kayong sasamba sa ibang Diyos.
  - Huwag kayong gagawa ng imahen na kawangis ng anumang bagay upang sambahin.
  - Huwag ninyong gagamitin nang walang paggalang ang pangalan ng Panginoon.
  - Alalahanin mo ang Sabbath at panatilihin itong banal.
  - Igalang mo ang iyong ama at ina.
  - Huwag kang papatay.
  - Huwag kang mangangalunya.
  - Huwag kang magnanakaw.
  - Huwag kang sasaksi sa di katotohanan laban sa iyong kapwa.
  - Huwag mong iimbutin ang iyong kapwa, ang kanyang asawa, ang kanyang alipin o anumang pag-aari niya.
17. Ano ang mangyayari sa mga Israelita kung sila ay patuloy na susunod sa Diyos?
18. Magbigay ng 5 halimbawa ng pagsuway ng mga Israelita na mababasa sa Aklat ng Exodus. Ito ba ay nakikita mo sa henerasyon natin ngayon?
19. Sa aklat ng Exodus, magbigay ng mga pangyayari na nagpapatunay na hindi pinabayaan ng Diyos ang Kanyang hinirang na bayan.

### **Leviticus**

20. Ano ang taglay ng Aklat ng Leviticus?
21. Basahin ang Leviticus 10. Sino si Nadab at Abihu? At ano ang kasalanang kanilang nagawa at bakit sila pinarusahan ng Panginoon?
22. Magbigay ng ilang halimbawa ng mga offerings na nakasaad sa aklat na ito.
23. Basahin ang Leviticus 11. Magbigay ng mga hayop na malinis na maaaring kainin at hayop na hindi maaaring kainin.
24. Basahin ang Leviticus 23. Hanapin sa Aklat ng Leviticus ang mga batas ukol sa Day of Atonement.
25. Basahin ang Leviticus 17. Ano ang batas ng Diyos patungkol sa pagkain ng dugo?
26. Ano ang batas tungkol sa sex outside of marriage?
27. Ano ang iba't ibang feast na nabanggit sa Aklat ng Leviticus?
28. Ano ang sinasabi patungkol sa lampara at tinapay para sa Tabernakulo?
29. Ano ang blasphemy o kalapastanganan sa Diyos na binanggit sa aklat na ito? Ano ang kaparusahan sa kasalanang ito?

### **Numbers**

30. Patungkol saan ang Aklat ng Bilang?
31. Basahin ang Numbers 1:47-54 at Numbers 3. Ano ang tanging tungkulin ng mga Levites?
32. Ano ang tungkulin ng Kohathites, Gershonites at Merarites?
33. Basahin ang Numbers 10. Bakit inutusan ng Panginoon si Moses na magpagawa ng dalawang trumpetang yari sa pinitpit na pilak? Ano ang simbolo ng trumpetang ito?
34. Basahin ang Numbers 11. Bakit pumili si Moises ng Pitumpung Pinuno?
35. Ano ang ginawa ng Panginoon nang ang mga Israelita ay nagreklamo patungkol sa kanilang pagkain habang sila ay nasa wilderness?
36. Basahin ang Numbers 12. Sino ang dalawang karakter na nagsalita laban kay Moses? Bakit nila ito ginawa? Ano ang parusang kanilang natanggap?
37. Sino ang dalawang pinakabata sa mga Israelita ang makakapasok sa Promise Land? Bakit sila lamang ang nakasama sa pagpasok sa Promised Land?
38. Ano ang silbi ng lungsod-kanlungan?
39. Ano pa ang mga ibang batas at tuntuning ibinigay ng Panginoon sa Israel sa pamamagitan ni Moses?

### **Deuteronomy**

40. Patungkol saan ang Aklat ng Deuteronomy?
41. Ano ang ipinahahayag ng mga huling chapters ng Aklat ng Deuteronomy?
42. Basahin ang Deuteronomy 5:23-32. Ano ang mangyayari sa mga Israelita kung sila ay lubusang susunod sa Panginoon? Ano ang mangyayari kung hindi sila susunod?
43. Basahin ang Deuteronomy 29. Ipaliwanag ang statement na ito, "Ang mga lihim na bagay ay sa Panginoon lamang, ngunit ang mga bagay na nahahayag ay para sa atin at ating mga anak upang ito ay sundin."
44. Ano ang dalawang pagpipilian ng mga Israelita? Ito ba ay applicable rin sa atin sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

### **Joshua**

45. Basahin ang Joshua 1. Ano ang sinabi ng Panginoon kay Joshua bago sila tumawid sa Ilog Jordan?
46. Basahin ang Joshua 2. Bakit nagpadala si Joshua ng espiya sa lungsod ng Jericho? At sino si Rahab?
47. Basahin ang Joshua 4. Ano ang sinisimbulo ng labindalawang bato na inilagay ni Joshua sa gitna ng Ilog Jordan?

48. Basahin ang Joshua 7. Bakit natalo ang Israel sa pakikipaglaban sa Ai?
49. Basahin ang Joshua 9. Nang malaman ng mga hari ang tagumpay ng mga Israelita, ano ang ginawa ng mga Gibeonites? Nang malaman ito ni Moses, ano ang kaparusahang ipinataw sa kanila?
50. Sino-sino ang mga haring tinalo ng mga Israelita sa pamumuno ni Joshua?
51. Nang humingi ng saklolo ang mga Gibeonites kay Joshua, ano ang ginawa ng Lord pang sila ay magtagumpay?
52. Bakit pinapili ng Panginoon ang mga Israelita ng mga lungsod kanlungan?
53. Ano ang huling habilin ni Joshua sa mga Israelita?
54. Ano ang hamon ni Joshua sa mga Israelita?
55. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Joshua. Paano ka tutugon sa pagkatawag sa iyo ng Panginoon?

### **Judges**

56. Ano ang nilalaman ng Aklat ng Hukom?
57. Bakit nagluklok ang Panginoon ng mga Hukom para sa mga Israelita?
58. Ano ang nag-udyok ng galit ng Panginoon?
59. Sino-sino ang mga naging hukom ng Israel?
60. Basahin ang Judges 1:11-15 at Judges 3:7-11. Sino si Othniel? Ano ang ipinagawa sa kanya ng Panginoon?
61. Basahin ang Judges 3:12-30. Paano tinapos ni Ehud ang buhay ni Haring Eglon? Bakit kailangan niya itong gawin sa Hari?
62. Basahin ang Judges 4. Sino si propeta Deborah?
63. Basahin ang Judges 6:1-24 at Judges 6:36-40. Sino si Gideon? Ano ang mga palatandaang hiningi niya sa Panginoon upang mapatunayan na siya ay gagamitin upang iligtas ang Israel?
64. Basahin ang Judges 9. Sino si Abimelech? Sa paanong paraan siya siningil ng Diyos dahil sa kanyang kasamaan?
65. Basahin ang Judges 11. Sino si Jephthah? Ano ang sumpa o pangakong binitawan ni Jephthah kung siya ay pagtatagumpayin ng Panginoon?
66. Basahin ang Judges 13-14. Bakit hindi pinapaputulan ng Lord ang buhok ni Samson?
67. Sino si Delilah? Ano ang part niya sa buhay ni Samson?
68. Ano ang hiniling ni Samson sa Panginoon sa huling yugto ng buhay niya?
69. Sa iyong palagay, kailangan ba natin ng mga hukom sa ating panahon ngayon? Bakit?
70. Maglista ng iyong mga natutunan sa Session na ito.

### **Ruth**

71. Tungkol saan ang Aklat ni Ruth?
72. Basahin ang Ruth 1 at 2. Sino si Ruth, Naomi at Boaz?
73. Basahin ang Ruth 3. Ano ang ginawa ni Ruth upang siya ay pakasalanan ni Boaz?

### **1 Samuel**

74. Sino si Samuel?
75. Ano ang unang pahayag ni Samuel bilang isang batang propeta?
76. Sino ang mga anak ni Samuel? Ano ang kanilang pamumuhay?
77. Ano ang sinabi ng Diyos kay Samuel nang humingi ng hari ang Israel?
78. Nang humingi ng hari ang mga Israelita, sino ang unang magiging hari na ipinakilala ng Panginoon kay Samuel? Paano niya ito makikilala?
79. Sa huling pamamaalam ni Samuel, ano ang kanyang ipinaalala sa mga Israelita?
80. Ano ang unang pagkakamaling nagawa ni Saul bilang hari na ikinagalit ni Samuel?

81. Sino si Jonathan? Ano ang kanyang nagawang kasalanan? Ano ang parusang ipinataw sa kanya?
82. Sa Amalek, ano ang iniutos ng Diyos kay Saul na hindi na naman niya sinunod?
83. Bakit sinabi ng Panginoon kay Samuel na nalungkot Siya sa pagkahirang Niya kay Saul bilang hari?
84. Bakit hindi dapat natin hangaan ang kakisigan o taas ng isang tao?
85. Sino si David?
86. Basahin ang 1 Samuel 17:1-54. Sa paanong paraan napatay ni David si Goliath?
87. Ano ang ibinigay ni Saul kay David matapos nitong dalhin sa kanya ang 200 foreskins ng mga Philistines?
88. Ano muna ang ginawa ni David bago nila lusubin ang mga kawal ng mga Philistines na nagnanakaw sa threshing floors ng Keila?
89. Nang sila David ay nasa wilderness ng Engedi, bakit hindi niya ginamit ang pagkakataon na patayin si Saul?
90. Sino si Nabal at Abigail?
91. Ano ang sinabi ni Samuel kay Saul sa pamamagitan ng isang espiritista?
92. Sino ang mga anak ni Saul?
93. Sa paanong paraan binawian ng buhay si Saul?

## **2 Samuel**

94. Ilang taon naghari si David sa Hebron, Israel at Judah?
95. Ano ang Covenant ng Diyos kay David?
96. Sino si Batsheba? Ano ang ginawa ni David na hindi naging kalugod-lugod sa harapan ng Diyos?
97. Ano ang sumpang binitawan ng Diyos kay David dahil sa kasalananang nagawa nito?
98. Sino si Solomon?
99. Sino sina Tamar at Amnon?
100. Sino si Absalom? Ano ang kasalananang kanyang nagawa?
101. Ano ang ginawa ni Absalom upang siya ay maging hari?
102. Sa paanong paraan namatay si Absalom?
103. Sino si Sheba?
104. Bakit nagkaroon ng tatlong taong taggutom sa panahon ng paghahari ni David?
105. Ano ang ginawa ni David upang maipaghiganti ang mga Gibeonites sa ginawa ni Saul sa kanila?
106. Magtala ng mga matatayang kawal ni David?
107. Ano ang Judgement ng Panginoon sa kasalanan ni David? Paano ito natigil?
108. Maglista ng limang bagay na natutunan mo sa buhay nina Samuel at David.

## **1 Kings and 2 Kings**

109. Ano ang binibigyang diin ng aklat ng mga Hari?
110. Paano naging hari si Solomon?
111. Basahin ang 1 Kings 3:1-15. Ano ang hiniling ni Solomon sa Diyos?
112. Kung ang kahilingan mo ay ipagkakaloob agad sa iyo ng Panginoon, ano ang iyong hihilingin sa Kanya?
113. Basahin ang 1 Kings 3:16-28. Ano ang ginawa ni Solomon sa dalawang babaeng nagbebenta ng aliw na nag-aagawan sa isang sanggol?
114. Ano ang pangako ng Diyos kay Solomon kung siya ay lalakad ayon sa kalooban ng Diyos?
115. Sino si Reyna ng Sheba?
116. Ano ang unang kasalananang nagawa ni Solomon sa Diyos?
117. Bakit ipinagbawal ng Panginoon sa mga Israelita ang pag-aasawa ng mga banyaga?
118. Sino ang mga kaaway ni Solomon?

119. Sino si Jeroboam?

**Part Two: Divided Kingdom – Judah and Israel**

120. Sino si Rehoboam?

121. Sino sina Abijah at Asa?

122. Sino sina Nadab at Baasha?

123. Sino sina Elah at Zimri?

124. Sino si Omri?

125. Sino si Ahab?

126. Sino si Jehoshaphat?

127. Sino si Ahaziah?

128. Sino si Joram?

129. Sino si Jehoram?

130. Sino si Ahaziah?

131. Sino si Jehu?

132. Sino si Joash?

133. Sino si Jehoahaz?

134. Sino si Jehoash?

135. Sino si Amaziah?

136. Sino si Uzziah?

137. Sino si Jeroboam II?

138. Sino sina Zachariah, Shallum at Menahem?

139. Sino sina Pekahiah at Pekah?

140. Sino si Jotham?

141. Sino si Ahaz?

142. Sino si Hoshea?

143. Sino si Hezekiah?

144. Sino si Manasseh?

145. Sino si Amon?

146. Sino si Josiah?

147. Sino si Jehoahaz?

148. Sino sina Jehoiakim at Jehoiachin?

149. Sino si Zedekiah?

**Ang mga Propeta sa Israel**

150. Sino si Ahijah? Ano ang kanyang ginawa nang makita niya si Jeroboam?

151. Ano ang simbolo ng balabal na pinagpunit ni Ahijah sa labindalawang piraso?

152. Ano ang ipinahayag ni Propeta Jehu nang panahong naghahari si Baasha sa Israel?

153. Ano ang ipinahayag ni Propeta Elijah kay Haring Ahab?

154. Anong mga pangyayari ang nagpapatunay na kasama ni Elijah ang Diyos?

155. Ano ang ipinahayag ng Diyos kay Ahab sa pamamagitan ni Propeta Micaiah?

156. Ano ang hiniling ni Elisha kay Elijah nang dumating na ang oras na si Elijah ay kunin na ng Panginoon? Paano ito matatamo ni Elisha?

157. Ano ang ginawa ni Elisha sa hinaing ng mga taga-Jericho?

158. Ano ang ginawa ng hari ng Israel, Judah at Edom nang sila ay naubusan ng tubig?

159. Ano ang response ni Elisha sa tatlong hari?

160. Ano ang ipinagawa ni Elisha sa isa sa asawa ng propeta na lumapit sa kanya upang humingi ng tulong?
161. Paano sinuklian ni Elisha ang kabutihan sa kanya ng isang mayamang babae sa Shunem?
162. Sino si Naaman? Bakit siya humingi ng tulong kay Elisha?
163. Sino si Jonah? Paano niya tinakasan ang utos ng Diyos sa kanya?
164. Assess yourself, ikaw ba ay sumusunod sa kalooban ng Diyos o katulad ka ba ni Jonah na tumatakas na gawin ang kalooban ng Diyos? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.
165. Sino si Amos?
166. Ano ang mga propesiya ni Amos?
167. Ano ang mga pangitaing nagpawasak sa Israel?
168. Ano ang paalala ng Aklat ni Hosea sa mga Israelita?
169. Ano ang sinisimbolo ng pagpapakasal ni Hosea kay Gomer?
170. Sino ang mga anak nina Hosea at Gomer? At ano ang simbolo ng kanilang mga pangalan?
171. Patungkol saan ang Aklat ni Nahum?
172. Sa iyong mga nabasa, ano ang iyong napansin na attitude ng mga Israelita.
173. Ano ang iyong natutunan sa buhay ng mga Propeta ng Israel?
174. Isulat kung sino-sino ang mga propeta ng Israel.

#### **Ang mga Propeta ng Judah**

175. Ano ang inilalarawan ng Aklat ni Propeta Joel?
176. Sino si Propeta Isaiah?
177. Magbigay ng mga katangian ng Diyos na makikita natin sa Aklat ni Isaiah.
178. Ano ang nakasaad sa Aklat ni Isaiah patungkol kay Jesus?
179. Paano darating ang kaligtasan sa Israel?
180. Ano ang mensahe at propesiya ni Micah?
181. Ano ang babala ni Propeta Jeremiah sa bayan ng Diyos?
182. Ano ang dalawang pangitain na ipinakita ng Diyos kay Jeremiah?
183. Ano ang mensaheng ipinasulat ng Panginoon kay Habakkuk sa isang tapyas ng bato? Bakit ito ipinasulat ng Panginoon sa kanya?
184. Ano ang ipinahayag ng Diyos kay Propeta Zephaniah?
185. Ano ang panawagan ni Zephaniah sa buong sanlibutan, sa Judah, sa mga nakapalibot na bansa, sa Jerusalem at sa lahat ng mga bansa?
186. Kailan nasulat ang Aklat ni Daniel?
187. Ano ang dalawang main parts ng Aklat ni Daniel?
188. Ano ang mga panaginip o mensahe ng Diyos para kay Haring Nebuchadnezzar na tanging si Daniel lamang ang nakapagpaliwanag?
189. Sino sino ang mga kaibigan ni Daniel na hindi sumamba sa ipinagawang rebulto ni Nebuchadnezzar?
190. Sino si Ezekiel?
191. Para kanino ang mga mensahe ni Propeta Ezekiel?
192. Ano ang natuklasan ni Propeta Ezekiel patungkol sa Diyos?
193. Ano ang iniutos at ginawa ng Diyos kay Propeta Ezekiel upang hindi niya mabigyan ng babala ang mga naghihimagsik sa Kanya?
194. Ano ang ipinahayag ni Propeta Obadiah?
195. Patungkol saan ang pahayag ni Propeta Haggai?
196. Bakit sinabi ng Panginoon na pag-isipan ng mga Israelita ang kanilang pamumuhay?
197. Ano ang mga pangitain ni Propeta Zechariah?

198. Ano ang pangunahing layunin ni Propeta Malachi?
199. Sa kabila ng kasalanan at pagtalikod ng mga Israelita sa Diyos, ano ang ipinaalala sa kanila ni Malachi na taglay ng Diyos?
200. Sa iyong mga nabasa, ano ang iyong napansin na attitude ng mga Israelita.
201. Ano ang iyong natutunan sa buhay ng mga Propeta ng Judah?
202. Isulat kung sino sino ang mga propeta ng Israel.

### **Exile and Rebuilding Years**

#### **Ezra**

203. Ano ang proklamasyon ni Cyrus?
204. Sino ang nanguna sa pagtatayo ng altar at templo ng Diyos?
205. Sino ang mga humadlang sa pagpapatayo ng templo ng Diyos?
206. Basahin ang Ezra 3 at Ezra 4. Sino ang mga taong ginamit ng Panginoon upang maitayo ang Kanyang templo?
207. Sino si Ezra?
208. Ano ang patunay na ang kamay ng Panginoon ay na kay Ezra?
209. Ano ang iyong natutunan sa buhay ni Ezra?

#### **Nehemiah**

210. *Basahin ang Nehemiah 1:1-11. Sino si Nehemiah?*
211. Basahin ang Nehemiah 2:1-10, Ano ang hiniling ni Nehemiah sa Diyos? Tinugon ba ito ng Diyos?
212. Basahin ang Nehemiah 2:11-20. Ano ang ginawa ni Nehemiah bago sinimulang itayo ang pader ng Jerusalem?
213. Basahin ang Nehemiah 4 at Nehemiah 6:1-14. Sino ang mga nagtangkang pumigil sa pagtatayo ng pader ng Jerusalem?
214. Paano muling itinatag ni Nehemiah ang tunay na pagsamba sa mga Israelita?
215. Para sa iyo, gaano kahalaga ang pagpapalano?
216. Magbigay ka ng limang natutunan mo sa buhay ni Nehemiah.

#### **Esther**

217. Sino si Haring Ahasuerus?
218. Sino si Reyna Vashti?
219. Sino si Mordecai?
220. Sino si Esther?
221. Ano ang ginawa ni Esther nang malaman niyang balak lipulin ni Haman ang mga kapwa niya Judio?
222. Ano ang character traits na nakita mo kay Reyna Esther sa kanyang kuwento?
223. Kung ikaw ba ay nasa sitwasyon ni Reyna Esther, ano ang iyong gagawin kung malaman mong lilipulin ang iyong mga kalahi?
224. Ano ang iyong natutunan sa pananampalataya ni Esther?